**Kyo.Prot.N.1/2026**

# Liham ng Bagong Taon 2026 ni Obispo Otsuka
# Papa Leo XIV —
# Isang Pastol na Nagtatayo ng mga Tulay ng Pag-asa at Pagkakaisa

Pagninilay sa Kanyang Pananaw sa Paglalakbay Misyonero ng Diyosesis ng Kyoto

## Panimula

Ang pagpalit ni Papa Leo XIV kay Papa Francisco ay tanda ng isang bagong simula na puno ng pag-asa para sa Simbahan—isang pagpapatuloy ng diwa ng Ebanghelyo ng kapayapaan at diyalogo.

"Ang Kapayapaan ay Sumainyo" ang kaunaunahang pagbati na ipinaabot ni Santo Papa Leo noong Mayo 8, 2025, ipinaabot din niya ang taos-pusong pasalamat sa kanyang pinalitan na si Papa Francisco, gayon din ang pagpapaabot nang mainit na hangarin para sa pagkakaisa sa mundong hati. Sa kanyang panawagan, "magpatuloy tayo, walang takot, hawak kamay, magkaisa tayo kasama ang Diyos" muling binigyang-buhay niya ang pananaw ni Papa Francisco ng isang Simbahang "lumalabas" at "nagpapagaling ng mga sugat," sinisimulan ang isang bagong paglalakbay tungo sa hinaharap na puno ng pag-asa.

## Ang Larawan ni Papa Leo XIV

### 1. Ang Kahulugan ng Pangalan na "Leo"

Ang ibing sabihin ng pangalang *Leo* ay "leon" sa Latin, at sa Banal na Kasulatan ito ay sumasagisag sa lipi ni Juda at maging kay Kristo. Ipinapahayag nito ang mga larawan ng tapang, dangal, at pagbabantay—mga katangiang nagbibigay ng espirituwal at simbolo ng kahalagahan bilang pangalan ng Santo Papa.

Sa pagpili nang pangalang ito, pinarangalan ni Papa Leo XIV si Papa Leo XIII (1878–1903), ang unang makabagong Papa na tumugon sa mga suliraning panlipunan. Kilala bilang "Ama ng Katuruang Panlipunan ng Simbahan," ipinagtanggol ni Leo XIII ang mga karapatan ng mga manggagawa sa kanyang encyclical *Rerum Novarum* ("Tungkol sa mga Bagong Bagay"), na naglatag ng pundasyon ng doktrinang panlipunan ng Simbahan. Ang pagpili ni Papa Leo XIV sa pangalang ito ay sumasalamin sa isang pastoral na pananaw na nagnanais samahan ang mga mahihina at mga nagdurusa, taglay ang malasakit at tibay ng puso.

### 2. *In Illo uno unum* — Sa Iisang Diyos, Tayo ay Isa

Ang motto ni Papa Leo XIV, na hinango mula sa komentaryo ni San Agustin sa Awit 127, ay nagpapahayag ng misyon ng Simbahan na hanapin ang pagkakaisa sa Diyos, sa kabila ng pagkakaiba. "Ang Isa" ay tumutukoy sa Diyos, ang pinagmumulan

ng buhay, at ang "Tayo ay isa" ay nagpapatunay na ang sangkatauhan—anumang lahi, kultura, o katayuan—ay pinag-iisa sa Diyos.

Ang dalawampung taon niyang pagmimisyon sa Peru ay nagpatibay ng kanyang pananalig sa kapangyarihan ng Ebanghelyo na magbuklod sa iba't ibang mga tao bilang isang komunidad. Ang kanyang pastoral na pananaw—na hinubog sa pakikisalamuha sa mga migrante, mga refugee, at mga nasa laylayan ng lipunan—ay nagpatatag ng kanyang paniniwala na ang Simbahan ay dapat maging tahanan ng lahat, ang tunay na "Pamilya ng Diyos."

Ang sagisag o *coat of arms* ng Santo Papa ay nagtatampok ng liryo na sumasagisag kay Birheng Maria, at ng sagisag ng Orden ni San Agustin na kung saan siya kabilang. Ipinapakita ng mga ito ang pusong tulad ni Maria—bukas sa patnubay ng Diyos—at isang espiritu ng pakikiisa at pakikibahagi na nakaugat sa espiritualidad ni San Agustin. Ang misyon ng Papa sa pamamagitan ng Salita at panalangin ay masasalamin sa mga simbolong ito.

## Pagpapapanibago ng Imahe ng Simbahan para sa Makabagong Panahon

### 3. Ang Espiritwalidad ng Pagbuo ng Tulay ng Papa

Mula nang siya ay mahalal noong Mayo 2025, madalas bigyang-diin ni Papa Leo XIV ang mga tema ng "pagkakaisa," "pagtatayo ng mga tulay," at "pag-asa." Sa kanyang mga salita, *"Kailangan ng sangkatauhan si Kristo bilang tulay upang makarating sa Diyos at sa Kanyang pag-ibig,"* ay nagpapaalala sa panawagan ni Papa Francisco na *"magtayo ng mga tulay, hindi ng mga pader."*

Sa isang panahon ng malalim na pagkakahati-hati, inilarawan ng Santo Papa ang Simbahan bilang tulay ng awa at kapayapaan—isang Simbahang pumipili sa diyalogo at nakikibahagi sa pagdurusa ng mga tao. Sa kanyang talumpati sa mga diplomatiko noong Mayo 16, 2025, sinabi niya: *"Ang kapayapaan ay ginagawa, at nagmumula sa puso."* Ipinapahiwatig nito na ang kapayapaan ay hindi lamang bunga ng mga istruktura o sistema, kundi resulta ng mga personal na pasya at ugnayang hinuhubog ng araw-araw na diyalogo at malasakit.

Para sa Santo Papa, ang salitang *"tulay"* ay hindi lamang pagwawangis (metaphor), kundi isang misyon—ang pagdurugtong ng Diyos at ng tao, ng tao at ng kapwa, ng Simbahan at ng sanlibutan. Sa kabila ng digmaan, kahirapan, at pagkasira ng kalikasan, naninindigan siya sa pananampalataya at pag-asa, dinadala ang liwanag ng Ebanghelyo maging sa pinaka madilim na bahagi ng daigdig.

### 4. Isang Simbahang Namumuhay sa Pagtingin ng Diyos

Ang pananaw ng Santo Papa sa "Simbahang Nagtutulay" ay nakaugat sa ideya ng "Simbahan ng pakikipagtagpo at diyalogo." Nakikita niya ang bawat pakikipagtagpo bilang isang biyayang inihanda ng Diyos, kung saan nananahan ang Kanyang

pagtingin at pagmamahal (Hunyo 6, 2025, General Audience). Ang pananalig na ang Diyos ay ang nagtatayo ng mga tulay sa pagitan nating mga tao ang sentro ng pastoral na pananaw ni Papa Leo XIV. Ang pakikipagtagpo ay hindi aksidente; ito ay pinaghuhugutan ng pag-asa, na bunga ng paggabay ng Diyos. Ito ay ang panimula ng panibagong paglalakbay, ang mga sandali kung saan nararamdaman ng tao na siya ay pinag bibigyang pansin at minamahal sa gitna ng sakit o katahimikan.

Itinuro niya na ang Diyos ay naghahasik ng binhi ng pag-asa maging sa gitna ng ating kahinaan (2025 World Day of Prayer for the Care of Creation), ipinapakita na ang galaw ng Diyos ay nakikita sa ating mga limitasyon at paghihirap. Ayon sa Santo Papa, ang Simbahan ay hindi lamang lugar ng pagtuturo, kundi isang pamayanang nakikibahagi sa paglalakbay ng sangkatauhan—isang Simbahang nagpapalago ng mga ugnayang nagpapahayag ng pag-ibig ng Diyos.

Sa pamamagitan ng ganitong mga pakikipagtagpo, naitatayo ang tulay ng pag-asa at dialogo, kung saan dumadaloy ang kapayapaan ng Diyos kahit sa gitna ng pagkakawatak-watak at tunggalian.

## Pag-asa Bilang Ating Tugon sa Panawagan ng Diyos

### 5. Tiwala sa Di-Nakikitang Pagkilos ng Diyos

Sa kanyang serye ng katekesis na pinamagatang *“Si Hesukristo, ang Ating Pag-asa,”* ipinaliwanag ni Papa Leo XIV na ang pag-asa ay hindi lamang isang karaniwang pagnanais o positibong pananaw, kundi isang espirituwal na saloobin ng puso — isang pagkilala at pagtugon sa pag-ibig ng Diyos.

Noong Mayo 21, 2025, sa kanyang unang General Audience bilang Papa, kanyang tinalakay ang *Talinhaga ng Magsasaka* mula sa Mateo kabanata 13. Ipinaliwanag niya na ang Diyos, sa Kanyang kabutihan, ay naghasik ng binhi ng Kanyang Salita maging sa kung ano man ang sitwasyon ng tao. Sa pamamagitan nito, itinuro ng Papa na ang tunay na pag-asa ay hindi nakabatay sa mga nakikitang resulta o pagbabago ng sitwasyon, kundi sa kalagayan ng puso — ang paglalakbay bilang tugon sa pangako ng Diyos.

Itinuro rin niya: *“Ang tunay na pagpapatawad ay hindi naghihintay ng pagsisisi,”* (Agosto 20, 2025, General Audience) ito ay nagpapahayag na ang pag-ibig ng Diyos ay kumikilos bago pa man natin ito maunawaan, at ang Kanyang biyaya ay dumadaloy kahit sa ating mga kakulangan.

Samakatuwid, ang pag-asa ay isang espirituwal na pagsisikap na tanggapin ang pag-ibig ng Diyos sa mas malalim na paraan. Sa pagninilay sa *Talinhaga ng Nakatagong Kayamanan* (Mateo 13), sinabi niya: *“Tayo ay tinatawagan na maghukay lampas sa mababaw na anyo ng buhay, may sigla at pagtitiwala, upang matagpuan ang nakatagong kayamanan ng Kaharian ng Diyos.”* (Setyembre 6, 2025, General Audience)

Upang matagpuan ang kayamanan ng pag-ibig ng Diyos, kailangan nating magtiwala sa Kanyang di-nakikita ngunit buhay na pagkilos sa ating buhay. Ang ganitong pagtitiwala ang siyang nagbubunga ng tunay na pag-asa.

Noong Oktubre 15, 2025, sinabi ng Santo Papa: *"Ang Muling Nabuhay ay ang bukal na hindi nauubos at hindi nagbabago,"* at ipinahayag niya na *"Sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Kristo nagsisimula ang pag-asa."* Ipinaalala rin niya na si Kristo, ay tahimik at tapat sa pagpawi nang ating uhaw at S'ya din ang nag bibigay liwanag sa ating landas.

Sa lahat ng kanyang mga turo, patuloy niyang pinapatunayan na ang pagtitiwala at ang di-nakikitang pag-ibig ng Diyos ay liwanag na nag sisilbi nating gabay sa ating paglalakbay espirituwal.

**6. Ang Nakapag papanumbalik na Kapangyarihan ng Diyos sa Eukaristiya**

Sa kanyang homiliya para sa Dakilang Kapistahan ng Katawan at Dugo ni Kristo *(Corpus Christi)* noong 2025, binigyang-diin ng Papa ang himala ng limang tinapay at dalawang isda (Lucas kabanata 9): *"Sa isang ilang na lugar, habang nakikinig ang mga tao sa Guro, lumalim ang gabi at wala na silang makain (cf. v.12)."* Ang gutom ng mga tao at ang paglubog ng araw ay sumasagisag sa limitasyon ng sanlibutan at nang bawat nilalang: ang araw at maging ang buhay ng tao ay lumilipas. Ang kasalatan sa materyal at ang paglipas ng oras ay nagbubukas sa awa ng Diyos at ng tawag tungo sa pagbabahaginan. Ayon sa aral ni San Agustin, itinuro ng Papa na si Kristo sa Eukaristiya ay *"ang tinapay na nagbibigay-buhay na hindi nauubos; ang tinapay na kinakain ngunit hindi nalalanta."* (Sermon 130,2) Ang Eukaristiya ay nagpapagaling sa pagod na puso at sa sugatang kaluluwa, at nagbibigay ng lakas upang muling bumangon. Ang buhay ng Diyos ay hindi nauubos, at ang Kanyang biyaya ay patuloy na bumabago sa bawat pagtanggap natin sa Eukaristiya.

Itinuro ng Santo Papa na kapag tayo ay nakararanas ng pagod o pagkupas ng pananampalataya, ang pagbabalik sa Eukaristiya ay nagdudulot ng kagalingan at kalakasan, at nagpapaalala na ang Eukaristiya mismo ang tunay na bukal ng pag-asa. Dagdag pa niya, ang Eukaristiya ay hindi lamang isang liturhikal na pagdiriwang sa altar, kundi isang realidad na dapat isabuhay araw-araw (Agosto 6, 2025, Pangkalahatang Audyensya). Ang biyaya ng Eukaristiya ay lumalampas sa liturhiya at nagpapatuloy sa bawat gawa ng awa, pagpapatawad, at pag-ibig na walang hinihinging kapalit. Ang Eukaristiya ay tulad ng isang bukal na pinagmumulan ng buhay ng Diyos; at ang mga lumalapit dito ay tumatanggap ng kagalingan, ng pag-asa, at ng lakas upang magpatuloy sa paglalakbay ng pananampalataya.

**7. Kabataan —Manlalakbay Tagapagdala ng Kinabukasan ng Simbahan**

Sa *Festival of Youth* ng Banal na Taon, nakipagdayalogo si Papa Leo XIV sa mga kabataan nang gabi ng Agosto 2, 2025. Ipinakita niya ang kanyang malalim na

pagtitiwala sa kabataan bilang mga hindi mapapalitang tagapagdala ng kinabukasan ng Simbahan, ipinamalas din niya ang pusong handang makinig at umunawa. Hindi niya tinalikuran ang mga alalahanin, mga tanong, o mga pakikibaka ng mga kabataan, kundi pinalibutan ito ng pag-ibig at pag-unawa — bilang simula ng isang paglalakbay espirituwal na magdadala sa kanila tungo sa pakikipagtagpo sa Diyos.

Pinaalalahanan niya silang kilalanin ang liwanag at ang kakayahan na meron sa loob ng bawat isa. Binigyang-diin niya ang mga salita ni San Agustin: *"Ikaw ay nasa loob ko, ngunit ako ay nasa labas,"* isang paalala na ang buhay ng Diyos ay nasa puso ng bawat isa, at hinikayat silang makinig sa mahinahong tinig ng Diyos sa kanilang kalooban.

Sa Panalangin sa Gabi ng pagpupuyat o evening prayer vigil, sinabi ng Papa na ang pagkakaibigan at pakikisalamuha ay nagbibigkis at pumangingibabaw sa katahimikan at pagkakawatak watak ipinahayag din niya na: *"Ang pagkakaibigan ay isang daan tungo sa kapayapaan."* Sa kanyang *Angelus* kinabukasan, ipinahayag niya ang kanyang pakikiisa sa mga kabataang naiipit sa mga lugar ng tunggalian o karahasan, na may panghihikayat na: *"Mga kabataan, kayo ang tanda na ang makabagong mundo ay posible."*

Sa pagtatapos ng Misa, hinimok niya ang mga kabataan: *"Saan man kayo naroroon, sikaping lumago — sa kabanalan. Huwag kayong makontento sa ga bagay na kulang,"* at hinamon niya sila na hanapin *"ang mga bagay na nasa itaas"* (Colosas 3:2).

## Ang Pananaw ng Santo Papa Tungkol sa Kapayapaan

### 8. Apostol ng Kapayapaan Laban sa Lakas ng Sandata

Mula nang maging Santo Papa, si Papa Leo ay patuloy na nananawagan para sa kapayapaan at mariing tumatanggi sa paggamit ng dahas bilang paraan ng paglutas ng mga sigalot. Sa Angelus noong Hunyo 22, 2025, sinabi niya, *"Hindi sapat na dahilan ang 'malayong distansya sa digmaan' kung ang dangal ng tao ang nayuyurakan,"* na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng pagkakaisa na humihigit sa mga hangganan ng bansa.

Idiniin niya na *"Ang digmaan ay hindi kailanman nakalulutas ng mga problema,"* at *"Walang tagumpay sa armas na makababayad sa mga luha ng mga ina, sa takot ng mga bata, o sa mga hinaharap na nawawala."* Hinimok niya ang Simbahan na piliin ang mga Salita kaysa armas, at magtayo ng mga tulay sa pamamagitan ng diyalogo sa halip na pagkakahatihati.

Malinaw niyang ipinahayag ang pananaw na ito sa kanyang mensahe para sa Hiroshima at Nagasaki noong Agosto 2025, sa paggunita ng ika-80 anibersaryo ng pagbagsak ng mga bombang atomika. Sinabi niya, *"Ang mga sandatang nukleyar ay isang insulto sa ating pagkatao at paglabag sa dangal ng nilalang,"* at binigyang-diin

na *“ang tunay na kapayapaan ay nangangailangan ng tapang na talikuran ang mga armas.”*

Bilang paghiram sa mga pananalita ni Papa Francisco na may kinalaman sa Hiroshima at Nagasaki bilang mga “simbolo ng alaala,” nanawagan si Papa Leo sa buong mundo na itayo ng pandaigdigang moralidad na nakaugat sa katarungan, pagkakapatiran, at kabutihang panlahat. Ito ang misyon ng Simbahan at ang panawagan ng Ebanghelyo para sa sangkatauhan.

**9. Ang Simbahang Naglilingkod sa Espiritu Santo**

Ang mithiin ni Papa Leo para sa kapayapaan ay may malalim na ugnayan sa kanyang pananaw sa isang “Simbahang naglilingkod sa Espiritu Santo.” Sa kanyang homiliya sa Bisperas ng Pentecostes noong 2025, sinabi niya, *“Ang ebanghelisasyon ay hindi ang pagsisikap nating sakupin ang mundo, ito ay ang walang hanggang biyaya ng Kahariaan ng Diyos na nagliliwanag mula sa mga buhay na binago Niya.”* Hindi hinahangad ng Simbahan na baguhin ang mundo sa pamamagitan ng sariling kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng kababaang-loob at ng kahandaang maging daluyan ng pagkilos ng Espiritu ng Diyos. Kapag ang Simbahan ay naglilingkod sa Espiritu Santo, ang kapayapaan ay hindi lamang isang pangarap kundi isang buhay na katotohanang nagbubunga sa pamamagitan ng panalangin at pakikiisa.

Ang landas ng pagkakaisa kaysa tunggalian, at ng paglilingkod kaysa pamumuno, ay maaaring di-nakikita, ngunit taglay nito ang kapangyarihang magbigay ng kagalingan at pag-asa sa isang sugatang mundo. Sa Misa ng Pentecostes, sinabi ng Papa na ang Espiritu Santo *“ay nagtuturo, nagpapaalala, at unang sumusulat sa ating mga puso ng utos ng pag-ibig na inilagay ng Panginoon bilang sentro at tugatog ng lahat.”* Ipinanalangin niya na buksan ng Espiritu Santo ang mga saradong pinto ng ating mga puso, bigyan tayo ng lakas upang gibain ang mga pader ng galit at kawalang-pakialam, at maging puwersang nagtutulak upang magtayo ng isang mundong puno ng pag-ibig at kapayapaan.

## Ang Pananaw ni Papa Leo at ang Diyosesis ng Kyoto

**10. Ang Pastoral na Misyon bilang Tulay ng Pag-asa**

Ang mga tema ni Papa Leo tungkol sa pagkakaisa, pagtatayo ng tulay, at pag-asa ay malapit na kaugnay ng misyunerong paglalakbay ng Diyosesis ng Kyoto, na nagnanais maging isang Simbahang *“Namumuhay Kasama ang Sambayanan.”* Ang kanyang panawagan ay nag-aanyaya sa atin na baguhin at muling buuin ang ugnayan ng tao na nakaugat sa pananampalataya, na pinagtitibay ang pananaw ng Diyosesis na *“Simbahang Lumalakad Kasama ng Sambayanan”* (Pananaw ng Diyosesis ng Kyoto, 1981).

Sa loob ng Diyosesis, ang mga layko, relihiyoso, at mga pari ay nagpapalalim ng ugnayan at kooperasyon sa pamamagitan ng awa, pagtitiwala, at araw-araw na paglilingkod. Ipinakikita ng mga relasyong ito na ang Simbahan ay hindi lamang isang organisasyon, kundi isang pamayanang nakaugat sa Ebanghelyo. Ang papel ng Simbahan bilang tagapagtayo ng mga tulay sa pagitan ng mga wika at kultura ay malapit sa hangarin ng Diyosesis ng Kyoto para sa multikultural na pakikipag-ugnayan.

Ang tulay na ito ay hindi lamang pakikisalamuha, kundi pakikibahagi ng pananampalataya na nagpapahintulot sa atin na makiisa sa mga sakit at kagalakan ng bawat isa. Ito ay tumutugon sa mga salita ng Papa, *"Ang pag-asa ay ang pagkakaugnay."* (Mensahe para sa Banal na Taon, Hunyo 14, 2025).

Ang espiritwal na pagtatayong ito ng tulay ay makikita sa bawat parokya sa Kyoto, kung saan ang mga tao mula sa iba't ibang wika at kultura ay nagtitipon sa iisang simbahan, nakikinig sa iisang Ebanghelyo, at nakikibahagi sa iisang Eukaristiya. Ang mga hakbang ng Diyosesis ng Kyoto, bagaman tahimik, ay taos-pusong patotoo ng isang Simbahang pinipili ang pakikiisa kaysa pagkakahiwalay, pagtanggap kaysa pagtanggi, at pakikibahagi kaysa pag-iisa.

**11. Patungo sa Simbahang Nakikinig sa Bawat Tinig**

Ang Diyosesis ng Kyoto ay aktibong nakibahagi sa pandaigdigang sinodo ng mga mananampalataya na nagsimula noong 2021 ay unti-unting nagbubunga. Ang "kultura ng pakikinig" ay nagsisimula nang mamunga sa loob ng Simbahan, na nagbibigay halaga sa bawat tinig na madalas hindi naririnig: ang matatanda, mga dayuhang mananampalataya, kabataan, at mga taong may kapansanan. Subalit, limitado pa ang ating mga pagsusumikap ngayon.

Kaya't ang landas sa hinaharap ay ang pagpapalawak ng maaabot ng diyalogo at pakikilahok, upang tayo ay lumago bilang isang *"Simbahang Magkakasamang Naglalakbay."* Tayo ay kailangang manalangin at kumilos upang maging Simbahang bukas sa lahat, na tumatanggap at gumagalang sa pag-iisip ng bawat isa.

Ang "sa diwa ng pag-uusap" na itinataguyod ng Sinodo ay isinasabuhay sa mga pagtitipon at pormasyon ng pananampalataya. Hindi ito simpleng palitan lang ng mga opinyon, kundi isang proseso ng pagkilala sa kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pakikinig at pagkilala sa Espiritu Santo.

Ito ay nakaugat sa panalangin, pagninilay, at paggalang sa dangal ng bawat tao. Ang paglalakbay na ito ay nagbibigay ng kongkretong anyo sa pananaw ng Diyosesis na *"Simbahang Nakikipaglakbay sa Sambayanan,"* na unti-unting bumubuo ng isang pamayanang nagpapatotoo sa Ebanghelyo sa pamamagitan ng pakikiisa at pastoral na pagkakapatiran.

**12. Paglalakbay Kasama ang Pag-asa, Kasama si Maria**

Sinabi ni Papa Leo, *"Ang pagiging mabunga ng Simbahan ay katulad ng pagiging mabunga ni Maria,"* na kumikilala sa pananampalataya ni Maria—puno ng katahimikan at pagtitiwala—ang espiritwal na bukal nang Simbahan. (Sa Homiliya sa Kapistahan ni Maria, Ina ng Simbahan, Hunyo 9, 2025). Na nakatayo sa paanan ng Krus at nananalangin kasama ng mga alagad, si Maria ay modelo ng mga taong nabubuhay na may pag-asa. Ang pag-asa ay hindi isang panaginip o pansamantalang damdamin; ito ay nabubuhay sa kasaysayan ng buhay.

Kung ang bawat piraso ng ating araw-araw na karanasan—panalangin, paglilingkod, pagdurusa, at kagalakan—ay nagiging kabahagi ng buhay ng Diyos, sumisilang ang liwanag ng pag-asa. Ang mga salita ng Papa, *"Ang umasa ay ang umugnay,"* ay nagpapahiwatig na ang ating ugnayan sa Diyos, sa kapwa, at sa pamayanan ng Simbahan ay kinalinga sa pag-asa. Sa pamamagitan ng halimbawa ni Maria, tayo ay tinatawagan na maglakbay sa pananampalataya bilang mga "tagapagdala ng pag-asa." Dala ang buong pagtitiwala, tanggapin natin ang mga pangako ng Diyos at maglakad bilang mga peregrinong nag-uugnay sa mga hibla ng buhay tungo sa buhay ng Diyos.

Ang pag-asang tumutubo sa paglalakbay na ito ay nagiging panalangin, paglilingkod, pagpapatawad, at kagalakang nagliliwanag sa sanlibutan. Ngayon, taglay ang pag-asang nag-uugnay sa mga tao sa aking puso, taos-puso kong ipinapanalangin na ang ating mga dalangin at pagtutulungan ay patuloy na yumabong sa Diyosesis ng Kyoto.

**✠ Paul Yoshinao Otsuka**
Obispo ng Kyoto

**Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos**
**Enero 1, 2026**